

1

“Pambihira naman, Kuya! Ano bang kalokohan ang pumasok diyan sa utak mo’t ginawa mo ’yun?” Halos lumabas na ang tonsil ni Caitlin sa panenermon sa nakatatandang kapatid.

Charles Montero stared at his younger sister incredulously.

“Look, I know what I did was plain stupid. Pero mas mabuti na iyon kaysa tumunganga ako’t hayaang ikaw ang pumasan ng lahat ng problema!”

Her face crumpled in disbelief. At may lakas pa talaga ng loob ang kuya niya na mangatuwiran.

“Bakit? May buti bang nagawa ang pakikialam mo?” sumbat niya.

Pumagitna na sa away nila ang tiyahin.

“Caitlin, Charles... p’wede bang mag-usap kayo nang mahinahon? Walang buting maidudulot ang pag-aaway ninyo.”

Lalong uminit ang ulo ng dalaga. How could her aunt expect her to stay calm kung ganito na kalala ang sitwasyon nila? Her brother just gambled their

last chance of salvaging their ailing business, and lost!

“Pagsabihan n’yo kasi ’yang pamangkin n’yo!” hirit ng kuya niya. “Akala mo kung sino. Ni hindi na marunong gumalang!”

Nagpanting ang tainga niya. Bigla niyang hinarap ang kapatid.

“Eh, kung katulad mo rin naman...” Gusto niyang idugtong na hindi ito dapat igalang dahil mas matured pa nga siyang mag-isip kaysa rito. Pero pinigil na rin niya ang sarili.

Kahit paano, matanda pa rin ito sa kanya.

“Oo na! Ako na ang inutil! Ako na ang irresponsible at ikaw na ang matalino!” Charles bawled a series of expletives na nagpangiwi sa kanya bago ito nag-walk out.

Kuyom ni Caitlin ang dalawang kamao habang pinagmamasdan ang papalayong kapatid. Wala talaga siyang balak makipag-away. Pero hindi na niya nakontrol ang sarili.

Wala siyang kaalam-alam na ipinusta pala nito ang titulo ng bahay at lupa nila, pati na ang mamahaling brooch na mula’t sapul ay pag-aari na ng kanyang mama, sa isang poker game. Dumepende

ito sa anito ay lucky streak nito sa sugal, na hindi naman gumana dahil natalo ito.

He'd lost everything to a certain Ellis Ferguson. And now she needed to devise a plan to take it all back from him. And she needed to act fast, dahil nagbabakasyon lang ito sa Palawan. Kapag nakabalik ito ng Manila ay mawawalan na siya ng pagkakataong mabawi pa ang ari-arian nila.

Malalim ang pinakawalan niyang hininga. Nahilot niya ang sentido. Napasulyap siya sa tiyahin na nakaupo lang sa sofa. Napailing ito at malungkot na tumungo.

“I... I’m sorry, Tita...”

“Hindi mo dapat pinagsalitaan nang ganoon ang kapatid mo. He’s still older.”

“Can you blame me, Tita? Nalaman n’yo naman kung ano ang ginawa niya. I just can’t accept it!”

Ang titulo sana ng lupa at bahay nila ang gagawin niyang collateral para makapag-apply ng loan sa bangko. She needed the extra capital para magtuluy-tuloy ang operation ng small-scale pearl farm nila sa Busuanga. Nagkataon lang kasi na sagad na sila dahil ang natitirang ipon niya ay nagamit sa chemotherapy treatment ng mama niya. Na walang

kinahantungan dahil namatay rin ito.

Nanghihinayang siya kung ngayon pa niya isasara ang pearl farm. Isang taon na lang ang hihintayin at malalasap na niya ang kanyang unang ani.

Kailangan lang niya ng maipangsu-sustain sa daily operations ng farm partikular na ang ipapasuweldo sa kanyang mga tauhan.

“May iba pa sigurong paraan.”

Ano? Iyon ang gusto niyang itanong sa tiyahin.

Kinagat ni Caitlin ang pang-ibabang labi. Pinigil na niya ang magsalita dahil baka kung ano pa ang masabi niya. And she didn't want to get into an argument with her aunt.

Hindi kapag ganitong mainit ang ulo niya. Malinaw kasing bale-wala lang sa tiyahin at sa kapatid niya kung mawala man sa kanila ang lahat ng pinaghirapan ng pamilya. At iyon ang ikinasasama ng loob niya. Mukhang sa kanyang mga kamay na lang talaga nakasalalay ang ikalulutas ng kanilang problema.

Lumabas siya ng bahay para magpalipas ng init ng ulo. Nang kumalma na siya ay saka niya hinanap ang kapatid. Nakita niya ito sa garden.

“Kuya...”

Tinapunan siya nito ng matalim na titig.

“Saan ko makikita si Ellis Ferguson?” usisa niya.

“Bakit?” salubong ang mga kilay na tanong nito.

“Babawiin ko ang titulo at ang brooch ni Mama.”

“What?” asik kaagad ni Charles. “Nasisiraan ka na ba ng bait? At paano mo gagawin ’yun?”

“H-hindi ko pa alam. Pero mag-iisip ako ng paraan.”

“Look, Caitlin...” Naisuklay nito ang mga daliri sa buhok. “I know what I did was stupid. Hindi ako dapat nag-take ng ganoong risk. And I’m really, really sorry kung na-disappoint kita. Please, let it go! Gagawa ako ng paraan para makakita ng pera. Just don’t go near that man!”

“Pero, Kuya...”

“He’s dangerous! Mapapahamak ka lang kapag nagpumilit ka. And besides, he won the game fair and square. Hindi niya basta-basta ibabalik sa ’yo ang mga bagay na iyon nang walang ibang kapalit.”

“I can take care of myself. Hindi na ako batang munti,” katuwiran niya.

“Yun na nga ang ikinatatakot ko. You’re a very attractive woman! ’Yung eksaktong tipo niya. Natatakot lang ako dahil siguradong magte-take advantage siya sa pagiging inosente mo. You’re still my little sister. At kahit minsan naiinis ako sa pagiging bull-headed mo, I still don’t want anything bad happening to you.”

Na-touch siya sa sinabi ng kausap.

“Kuya...” Nangunyapit siya sa braso nito at malambing na humilig sa dibdib ng kapatid.

Totoong sa kanilang dalawa, mas rational siyang mag-isip. Aminado at tanggap iyon ni Charles. Kaya nga hindi ito tumutol nang sa kanya ipamana ng mga magulang ang pearl farm. At kung anuman ang kakulangan nito sa diskarte, pinupunan naman nito ng pagbibigay ng sobra-sobrang suporta sa kanya. At hindi si Charles ang tipo na takot marumihan ang kamay. Kapag kulang sila sa tauhan ay ito mismo ang sumisisid upang i-check ang mga racks ng Pinctada maxima gold and white lipped oysters. At magaling itong seeding technician.

And despite being the self-proclaimed black sheep of the family, she really, truly loved her older brother.

“Ikaw na rin ang nagsabi na bull-headed ako. At nakalimutan mo na ba na walang lalaki na umubra sa akin? Kaya kong pakibagayan ang mga angst ng Ellis Ferguson na iyon. Baka nga siya ang sumuko sa akin.”

“Ano ba talaga ang binabalak mo?”

“Hindi ko pa nga alam. At hindi ako makakapagplano hangga’t hindi mo sinasabi sa akin kung saan ko siya makikita. At makakatulong kung bibigyan mo na rin ako ng ilang info tungkol sa lalaking ’yun.”

Hindi pa rin maipinta ang ekspresyon sa mukha ni Charles. Alam niyang undecided pa rin ito. Kaya ginawa niya ang madalas niyang gawin kapag naglalambing dito.

She pouted her lips and stared at him with puppy-dog eyes.

Deux Paumes Resort, a temporary haven for the rich and famous. *Mukhang big shot ang Ellis Ferguson na ito*, naisip ni Caitlin sa sarili habang iginagala ang paningin sa al fresco dining hall.

Nag-book siya ng overnight stay sa resort para

lang sa misyon niyang mabawi ang titulo at ang brooch mula sa lalaki.

Hindi niya ito personal na kilala. Ngunit base sa description dito ng kapatid, hindi mahirap hulaan that he was one uber-attractive guy.

She wrinkled her nose. Ano naman kung guwapo? Hindi siya narito para mag-admire ng isang magandang mukha. At isa pa, given his financial and social status, siguradong one hundred percent vain ang binata. Sa lahat ng ayaw niya ay iyong lalaking mas malinis pang tingnan kaysa kanya.

She scanned the dining hall once more.

Siya na siguro iyon.

She found him seated in one end table. May kasalo itong isang middle-aged man, a business associate perhaps.

Bakante ang katabi nitong mesa. Iyon ang in-occupy niya. Naupo siya patalikod dito. Good thing na within hearing distance ang layo niya sa mesa nito.

“So, saan mo balak pumunta after this dinner?”

Iyon ang narinig niyang tanong ng kasama nito. Hindi niya alam kung bakit, sa kabila ng hindi niya nakikita ang dalawa, alam niyang hindi si Ellis ang

The Charming Thief - Doreen Laroya

nagsalita. Hindi niya gaanong nabistahan ang hitsura nito dahil naka-sideview ang binata. But she could tell that he was handsome. At hindi akma sa hitsura nito ang timbre ng boses na narinig niya.

“I don’t know. Maybe you can suggest any indulging night activity?”

Nalunok niyang bigla ang ninanamnam na alak. Bahagya siyang nasamid.

She assumed he had a nice, baritone voice and she was wrong. His was even better. Iyong husky na parang laging ninanamnam ang mga salita bago pakawalan.

At lalong hindi niya inasahan na magkakaroon ng epekto sa kanya ang malamig na tinig nito. Parang may malamig na kamay na humagod sa kanyang lalamunan, derecho sa kanyang dibdib. It was disturbingly alarming. Ngayon lang nangyaring nag-react ang katawan niya dahil sa boses ng isang lalaki. At hindi pa sila magkaharap noon!

“Hindi ginagawa in the open ang activity na nasa isip ko.”

Humalakhak ang binata.

Pakiramdam ni Caitlin ay nanayong lahat ang

balahibo niya sa katawan. Kahit siya ay natumbok ang sexual connotation sa sinabi ng kausap nito. At kahit hindi siya kasali sa usapan, hindi pa rin niya napigilang mag-blush.

“May kaibigan ako na p’wede kong tawagan. He runs an escort service here in Palawan. Kung gusto mo ng makakasama ngayong gabi, p’wede ko siyang tawagan.”

Ellis didn’t comment. Parang nakikini-kinita na niya ang ginawa nitong pag-iling kasabay ng pagngiti.

“Come on! It’ll be fun. At wala kang dapat alalahanin. They’re clean.”

Again, there was no response. Mukhang nag-iisip pa ito. Siya naman ay abut-abot ang kaba. Sana ay makuha niya ang impormasyong kailangan niya at nang makabalik na siya sa Coron.

“Okay. Might as well enjoy the night with someone. Papuntahin mo na lang siya sa infinity pool. I’ve rented it all for myself tonight.”

Bingo!

Ngayon ay alam na niya kung paano lalapit dito nang hindi ito makakahalata. Ang problema lang ay kung kaya niya.

Kakayanin mo, Caitlin! Kung gusto mong maisalba ang lahat ng mahalaga sa iyo.

Ellis turned around unconsciously. May babaeng nakaupo sa likuran niya, eating alone. Ang kaagad na pumukaw ng pansin niya ay ang mahabang buhok nito na naka-clasp into a ponytail. Natatabingan niyon ang makinis na batok nito. She turned sideways slightly at nabistahan niya ang makinis din nitong pisngi. And the delicate set of her jaw made his blood simmer unexpectedly.

“Damn! Bakit kaya hindi ko ma-contact ang lalaking ’yun?”

Nabaling ang pansin niya sa kausap nang marinig ang sinabi nito.

Nagpunta siya rito sa Palawan, incognito dahil nais niyang mag-relax kahit sandali lang. He was suffering from stress burn-out, kaya pinayuhan siya ng isang kaibigan na magbakasyon muna.

Ang kaharap niyang nagpakilalang Andro ay isang car dealer na nauna lang ng isang araw sa kanya sa resort. He met him last night over a game of poker. Hindi niya sigurado kung kilala siya nito. Wala naman itong itinatanong sa kanya about business.

The Charming Thief - Doreen Laroya

Wala ring indication na silahis ito at natipuhan siya. Maybe Andro had been impressed with how good he played last night, kaya dumikit na ito sa kanya.

Kanina, habang naglalakad siya papunta sa dining hall ay nakasalubong niya ito. Andro offered him dinner, which he didn't refuse. Kaya heto't kasama niya ito.

Marami na silang napag-usapan bago pa nito binuksan ang patungkol sa pagkuha ng girl escort. Kung magiging honest lang siya, mas gugustuhin niyang gugulin ang buong bakasyon nang mag-isa. But it had been months since he had a woman and he figured na kailangan din niyang punan ang physical needs niya.

“Don't fuss, Andro. Okay lang sa akin,” he said. Sunud-sunod ang iling nito.

“No! Nagprisinta ako. Dapat na may maibigay ako.”

He wanted to roll his eyes heavenward. Honestly, he really didn't care.

“Baka busy lang. Don't worry, tatawagan ko uli siya mamaya.”

Hindi na siya kumibo. His attention was once

The Charming Thief - Doreen Laroya

again caught by sound behind him. Nakatayo na ang babaeng may magandang leeg. At palayo na ito sa kanila.

Nakapagtataka dahil nakaramdam siya ng panghihinayang nang mawala ito sa paningin niya.

2

Bumalik si Caitlin sa inookupa niyang silid para paghandaan ang susunod na gagawin.

Infinity pool...

Parang mantra iyon na paulit-ulit niyang binibigkas sa sarili.

Shit! Can I do this?

Sa lakas ng tibok ng kanyang puso, parang anumang sandali ay lulukso na iyon palabas ng kanyang dibdib.

She had never been kissed, never had a boyfriend in all her adult life. Umabot siya sa edad na twenty-seven na ang tanging mga lalaking kahalubilo outside of her family ay ang mga tauhan niya sa pearl farm.

Wala siyang idea kung paano umakto sa harap ng isang lalaki, much more seduce one. How could she pull this off?

Pero hindi rin niya magagawang makapasok sa private cottage nito kung hindi siya mismo papasukin doon ng binata. The resort uses keycards. Puwede sana siyang magkunwaring isa sa mga empleyado

room at kumatok sa cottage nito. Pero limitado ang resources niya. At lalong limitado ang oras niya sa resort para mag-isip pa ng ibang paraan.

You have to do this, Caitlin!

She took a deep breath. Nagpalit lang siya ng damit para hindi mahalatang galing siya sa dining hall. Hindi siya sigurado kung napansin siya ni Ellis. Hindi kasi niya tinangka man lang bistahan ito nang harapan.

She stayed inside her room for half an hour. Daig pa niya ang kriminal na naghihintay ng oras kung kailan bibitayin. When the table clock struck eight-thirty, she took another deep breath and then left her room.

Sapat na siguro ang kalahating oras para hindi mahalata ni Ellis na nagpapanggap lang siya. Sana lang ay hindi na na-contact ng kasama nito ang may-ari ng escort service na ibinibida nito kanina.

Ang infinity pool ay nasa dulot at secluded from the rest of the resort facilities by a row of palm trees. Mahaba-haba rin ang lalakaran niya para marating iyon.

“Excuse me po, Ma’am. Off-limits po ang pool ngayon,” sabi ng isang resort employee na

nakasalubong niya sa cemented walkway na patungo sa pool area.

“H-ha?” Nagkunwari siyang nasorpresa. “I don’t understand. Tumawag kasi sa akin ang boss ko. Ang sabi niya’y may imi-meet daw akong kliyente sa pool area.”

There! Hindi naman ito mukhang tanga para hindi maunawaan ang sinabi niya.

The girl smiled and asked, “Si Mr. Ellis Ferguson po ba ang tinutukoy ninyo?”

“I think so. Wala kasing nabanggit na name ’yung boss ko.”

The girl looked skeptical for a moment. Pero hinayaan na rin siya nitong makaraan. She heaved a sigh of relief. Just her luck! Ibig lang sabihin, wala pa ang babaeng dapat talagang kasama ni Ellis ngayong gabi.

Hindi kalakihan ang area at ang mismong pool. Ang mangasul-ngasul na tubig nito ay animo humahalo na sa tubig na nagmumula sa *Honda Bay*. Sa isang sulok na nalilimliman ng mga palm trees ay isang hilera ng lounge chairs na puwedeng gamitin ng mga day swimmers.

The Charming Thief - Doreen Laroya

Subdued ang lighting sa paligid ng pool na lalong nagbigay rito ng romantic appeal.

“Looking for me?”

Napa-about face siyang bigla dahil sa pamilyar na tinig. And damn, his voice matched his looks perfectly.

Ellis Ferguson was the epitome of the tall, dark and handsome kind. Hindi na kailangan ng masyadong maraming adjectives para i-describe ang hitsura nito.

“H-hi!” Her voice sounded more of a croak. She saw the faint shadow of a smile.

“Ikaw ba ang ipinadala n’ung kaibigan ni Andro?”

“Y-yes!” Again, she sounded weird. *Oh please, Caitlin! Kumalma ka! You’re supposed to be an experienced high-class whore tonight!*

“Strange. Naghiwalay kami fifteen minutes ago at hindi pa rin niya na-co-contact ang kaibigan niya.”

Lihim siyang napalunok. “Uhm... he probably did pagkatapos n’yong maghiwalay. My boss called me. Siya ang nagsabi na magpunta ako dito.”

“I see...” His eyes roamed up and down her full form. Nag-init ang buong katawan niya. Pakiramdam

niya ay hinahawakan na siya nito, at wala itong iniwang bahagi ng katawan niya na hindi nito nasaling.

Very discreetly, humugot siya ng malalim na hininga. If his eyes could do this to her body, what more kung magkaroon na talaga ng physical contact between them?

This was the most insane idea she had ever thought of!

“Ang bilis mo naman yatang nakarating,” nagtatakang komento pa rin ni Ellis.

Mabilis na gumana ang kanyang isip. “I... I was already in the area,” sagot niya.

“You mean, narito ka na sa resort? Have you been to the dining hall a while ago?”

“N-no! I mean...”

Ellis’ grin seemed to mock her. Hindi rin nito naitago ang mocking tone nang magsalita.

“Oh, I get it. You were with another client.”

Mabilis nagkulay-rosas ang kanyang mga pisngi. Mabuti na lamang at may kadiliman sa paligid.

He walked back to the row of lounge chairs. May

pabilog na mesitang katabi iyon at sa ibabaw ay isang ice bucket. Kinuha nito ang chilled bottle of wine sa loob ng bucket at nagsalin sa dalawang kopita bago ito muling lumapit sa kanya. Higit itong malapit sa kanya ngayon.

When he offered her the wineglass, his eyes never left her face.

“T-thank you...” she said shyly.

“For someone who’s in the escort business, you seem awfully shy.”

She cringed. Nakakahalata na yata ito!

“A-ano kasi... b-bago lang ako.”

“How new?”

Paano ba i-justify ang pagiging baguhan sa larangan ng sex trade?

“How many clients have you had so far?” pagrephrase nito sa naunang tanong.

“Two,” sagot niya na sandaling sumulyap dito.

Damn! Why couldn’t he turn those smoldering eyes elsewhere?

“Two?” His eyebrows raised in surprise. “Hmm...”

you've had your first client a while ago. At ako ang ikalawa. 'Can't say I'm lucky.'"

He sipped his wine. Her gaze dropped down to his long fingers. Wala siyang nakitang anumang klase ng singsing sa daliri nito. Not even a ring impression.

"N-ngayon lang kasi ako n-nagsimula." Another lie. Sana lang makumbinsi niya ito sa kuwentong hihabi niya.

Matagal siyang tinitigan ng binata. Hindi niya kayang hulaan ang tumatakbo sa isip nito. She unconsciously tucked stray strands of her hair behind her ear.

Ellis swallowed hard. The woman looked delicious enough to eat. And even in the simple straight sleeveless dress she wore, hindi maikakailang maganda ang katawang itinatago ng damit na iyon. At lalong nakaragdag sa likas na panghalina nito ang pagiging mahiyain ng dalaga. It wasn't the normal response of a woman who made sleeping with strangers her job.

She's a newbie.

So, okay. Baka kailangan niyang magdahan-

dahan.

“Okay ka lang ba?”

She gazed at him with puzzled eyes. “A-ano’ng ibig mong sabihin?”

He carefully chose his words para hindi ito ma-offend.

“Ang s’abi mo, may kliyente ka na kanina.” He scanned her body briefly. “Kaya mo pa ba? I mean...”

“I get what you mean, Ellis,” anito sa malamig na tinig. “Don’t worry, I’ll keep you entertained for the rest of the night. Kahit ilan pang kliyente ang naserbisyuhan ko bago ka, I won’t disappoint you.”

For some reason, hindi niya nagustuhan ang sinabi nito. Hindi niya gustong isipin na galing na ito sa mga bisig ng ibang lalaki bago ito napunta sa kanya. He was oddly possessive of her, bagay na hindi niya normal na nararamdaman kahit pa sa mga babaeng seryosong nakarelasyon niya.

The woman intrigued him. Bukod pa sa parang ito ang babaeng nakita niya sa dining hall. They had the same, slender, delicate neck he’d been dying to kiss and taste.

Another weird thing happening to him. Ngayon

lang siya na-attract sa leeg ng isang babae.

“May dala ka bang bathing suit?” tanong niya na bumalik sa mesita upang i-refill ang hawak na wineglass.

Maaga pa ang gabi. Although what he really had in mind, what he wanted that moment was to bring her to his cottage and make passionate love with her. His manhood stirred with just the thought.

“No. I... I’m sorry. Hindi ako nakapagdala.”

Maybe she figured she didn’t need one.

Muli ay pinasadahan niya ng tingin ang kabuuan nito. The dim light made her skin look flushed. All the more making her desirable.

Walang-imik niyang dinampot ang cellphone at nag-dial. Habang nagbibigay ng instructions sa kausap ay hindi niya inialis ang pansin sa katawan ng babae. His eyes even lingered on her breasts and mentioned some measurements.

Tama ba ang narinig niya? Binanggit ni Ellis sa kausap ang exact underwear measurements niya?

“There. Hintayin na lang natin ang pinabili kong

bathing suit. And then we can swim.”

Hindik siyang napasulyap sa mukha nito. He was wearing the most charming, most seductive smile she had ever seen. Kaya habang palapit ito sa kanya ay pigil din ang kanyang paghinga.

Napakalapit ng lalaki sa kanya, at inakala niyang hahalikan na siya nito dahil panay ang sulyap nito sa kanyang mga labi. Pero sa halip may hinawakan nito ang kanyang kamay at inakay siya palapit sa hilera ng lounge chairs. Nang makaupo sila ay kinuha nito sa kanya ang hawak niyang kopita at ipinatong sa mesita.

Caitlin let out a strained breath. Napaka-awkward ng kanyang sitwasyon. Paano ba mang-akit ng isang lalaki? She really didn't know.

At lalong nakakakaba ang katahimikang bumalot sa kanila. Lalo na ang matiim nitong tingin sa kanya.

“Mukhang kinakabahan ka.”

“I'm sorry... hindi pa lang talaga ako sanay.”

Mukhang kumbinsido naman ito.

“So what happened between you and your previous client?”

Hindi niya inasahang magtatanong ito nang ganoon.

“I think masyadong personal na ang tanong mo.”

Lumapad ang ngiti nito. “Gusto ko lang malaman kung hanggang saan ang kaya mong gawin.”

“You mean you want to know my unchaste routine in details?”

“Not unchaste. Just... sensual...”

Nagsalubong ang mga kilay niya. “Pareho lang iyon.”

Nagkibit-balikat ito. “So how far can you go with me?”

“Depende ’yan sa ’yo.”

Ito naman ang nagulat. Hindi nito inasahang ganoon siya ka-bold magsalita.

Kung alam lang nito ang eksaktong nararamdaman niya. She felt mushy, na para bang ang buong katawan niya ay unti-unting nagiging isang malaking bloke ng *Jelly Ace*.

Naputol ang awkward moment na iyon nang dumating ang isang resort employee.

“Sir, narito na po ang pinabili ninyo.”

Tumayo ang binata at kinuha ang paper bag na iniabot ng babae. Matapos na mapasalamatan at mabigyan ng tip ay nagpaalam na rin ang huli.

“For you. P’wede kang magpalit sa comfort room doon,” turo nito sa isang maliit na structure na natatabingan ng ilang puno ng niyog.

Hindi na siya nagtanong.

Kinuha niya mula rito ang paper bag at tahimik na tinungo ang CR.

Hatid-tanaw ni Ellis ang papalayong dalaga. The gentle sway of her hips only fired up his desire several notches higher. He couldn’t wait to get his hands on her.

Hinubad niya ang white polo pati ang undershirt. Sunod ay ang kanyang loose Hawaiian shorts. Napasipol siya. He was already rock hard!

He plunged into the pool, sumisid sa kailaliman at saka umahon sa kabilang side, the one overlooking the bay. He was staring at a vast darkness. Ang tanging tanglaw ng malawak na dagat ay ang mangilan-ngilang bituin na kumukutitap sa kalangitan.

The Charming Thief - Doreen Laroya

Isang tikhim ang nagpalingon sa kanya makalipas ang ilang minuto.

Sandaling huminto ang kanyang paghinga nang tumambad sa kanyang paningin ang dalaga, suot ang two-piece bathing suit na ipinabili niya. The skimpy swimwear fitted her to a T.

At tama siya. Maganda ang hubog ng katawan nito. Proportioned ang lapad ng balakang sa lapad ng balikat. At ang makipot nitong baywang? He could span it with both his hands. She had long, shapely legs... limbs that would feel nice when wrapped around his hips.

Umupo ito sa gilid ng pool bago unti-unting inilubog ang sarili. Pigil pa rin niya ang kanyang hininga habang pinapanood ang mabagal nitong paglangoy palapit sa kanya. She seemed to move in slow motion. At ang tingin niya sa babae ay isang nimpa ng karagatan na umahon sa dagat para lamang sa kanya.

You're staring at a high-class hooker. Hindi siya inosente.

Ngunit kahit ano ang sabihin ng utak niya ay ayaw tanggapin ng kanyang puso.

3

“Ano’ng pangalan mo?” tanong sa kanya ni Ellis. Naroon sila sa parehong gilid ng pool, staring out into the open sea.

“C-Caitlin...”

Hindi niya dapat sinabi ang totoo niyang pangalan. Kahit sa information desk ay isang false name ang ibinigay niya. It would be safer for her that way. Pero isang tanong lang ni Ellis...

Hindi siya dapat nagpapaapekto. But she couldn’t help it. Kusang tumutugon sa tawag ng sitwasyon ang katawan at isip niya. At tumataas pa ang level ng excitement niya habang lumalalim ang gabi.

“Hmm... Caitlin...” he drawled out her name. His husky tone sent shivers down her spine. Bakit parang hinahalinghing na nito ang pangalan niya?

Humarap ito sa kanya at natural na humarap din siya rito.

This is it! Sinikap niyang pigilin ang pagtambol ng dibdib. Her tongue darted out to graze her lips nang hapitin siya nito sa baywang. His arms felt like

hot, solid iron bars imprisoning her. Napakapit na lamang siya sa magkabilang balikat nito nang tuluyan na siyang yakapin ng binata.

Alam niyang hahalikan siya nito, kaya kusa na niyang itinaas ang mukha.

And kiss her he did!

His lips were surprisingly soft, unlike the firm muscles na nakapa niya sa mga braso nito, sa balikat, sa dibdib, and even that part of him poking at her groin.

Binabayo ng takot ang kanyang dibdib. Ngunit hindi niya maikakailang naroon din ang kakaibang thrill. She had never been reckless with anything before. Bago sa kanya ang lahat ng ito. At masarap din palang mawala sa sarili paminsan-minsan.

Ang unang halik na natanggap niya ay noong eighteenth birthday niya. And it wasn't even a sensual kiss, isang smack lang sa lips na ibinigay ng best friend niya na kinakapatid din niya. It was too plain, too quick and platonic. Ni hindi nga tumayo man lang ang balahibo niya sa batok.

But Ellis' kiss?

Mahigit isang minuto na yatang magkaugpong

ang mga labi nila. At mukhang wala pa itong balak huminto.

All the while, she kept her lips closed. Hindi nga kasi siya marunong humalik. Pero nararamdaman niyang gusto nitong ibuka niya ang kanyang mga labi.

And when she did, his tongue plunged in, kissing her in a way she had never been kissed before.

Muntik na siyang mag-panic. Ngunit anumang pagtatangka niyang iiwas ang mukha ay di niya magawa dahil mahigpit din ang pagkakahawak nito sa kanyang ulo.

Napakapit na lamang siya nang mahigpit sa mga balikat nito. Sinubukan niyang gayahin ang ginagawa nito. At isang impit na ungol ang kumawala sa kanya.

She never expected a passionate kiss could feel this good. She was enjoying it!

Humiwalay ito sa kanya makalipas ang isang minuto. Kapwa nila habol ang kanilang mga hininga.

Titig na titig ang binata sa kanya. His thumb caressed her still throbbing lips. Bawat kilos nila ay lumilikha ng ripples sa tubig.

“W-what?” kabadong tanong niya. Sobrang nakakailang na ang seryoso nitong pagtitig. He

seemed to be mentally solving a difficult puzzle.

He caressed her cheeks this time. So light it made her insides tingle. Kahit chest-deep siya sa malamig na tubig, mainit ang pakiramdam niya.

“Wala. I just figured something.” Sumilay ang isang mysteryosong ngiti sa mga labi nito. A smile that made her nervous.

“A-ano ’yun?” Kumawala siya rito para ma-retain ang balanse. They were drifting toward the middle. Pero kinabig siyang muli nito at ibinilanggo sa mga bisig. He swam to the other end, kung saan sila unang nanggaling.

Isinandal siya nito sa tiled wall. Nakakapa na ng mga paa niya ang flooring ng pool.

“Ano ’yung na-figure out mo?” ulit niya sa tanong kanina.

He smiled wickedly again, hinawakan ang magkabila niyang pisngi at muli siyang hinalikan. Just the normal, casual kiss.

Nakaramdam siya ng disappointment.

“That your lips are the sweetest from the many that I’ve sampled. Something I’m sure I’m going to be addicted to.”

The Charming Thief - Doreen Laroya

“I don’t think that’s possible. Ngayong gabi lang nakalaan sa ’yo ang serbisyo ko.”

“I can pay for your service. Kahit ilang gabi pa. In fact, iniisip kong tawagan ang boss mo. Buy you out. Gusto kitang isama sa pagbabalik ko sa Manila.”

Namilog ang mga mata niya sa pagsigid ng panic. He couldn’t mean it!

“P-pero hindi mo pa ako... I mean...”

“We haven’t been to bed yet?” Her cheeks coloured.

He bent his head and whispered, “Oh, we will share my bed tonight, Baby. And we will both enjoy it.”

He kissed the back of her ear and then nibbled her earlobe. Naipaling niya patagilid ang ulo.

God, her body was definitely on fire!

Naramdaman niyang bumaba pa ang halik nito sa gilid ng kanyang leeg. And it wasn’t just his lips. His tongue grazed her exposed, wet skin, licking up the water droplets dripping from her hair.

Napasinghap siya nang malakas. Hindi niya magawang itulak ang binata dahil animo bato ang

katawan nitong nakayakap sa kanya. At hindi rin niya nais itulak ito.

Alam niyang mali pero... gusto niya ang ginagawa sa kanya ni Ellis.

“Let’s get out of here,” anas nito pagkatapos.

Dazed pa siyang sumulyap dito. Pero parang balewala lang itong umahon, akay siya. She wondered how he could stand up firmly while she could barely hold herself up with her buckling knees.

Baka naman hindi ito gaanong affected ng halik na pinagsaluhan nila? Ang isang tulad nito ay sanay na sa ganoong mga akto. Hindi imposibleng balewala na lang dito ang para sa kanya ay isang mind-blowing, out-of-the-body like experience.

“Are you all right?” tanong ni Ellis.

Tumango lang siya, wala sa loob na niyakap ang sarili. Dinampot nito ang nakatuping tuwalya sa ibabaw ng lounge chair at ipinunas sa kanya. Kinuha rin nito ang hinubad na polo at siyang isinuot sa kanya pagkatapos. Umabot ang laylayan niyon sa kanyang hita.

With trembling fingers, isinara niya ang ilan sa mga butones habang ang binata naman ay isinuot

lang muli ang sando at ang loose shorts.

Bitbit ang suot niyang dress kanina, magkahawak-kamay nilang binaybay ang bamboo bridge patungo sa bay cottage na inuupahan nito. Nang i-insert na nito ang keycard, na hinugot nito mula sa wallet na nasa bulsa ng shorts, binayo uli ng malakas na kaba ang kanyang dibdib.

This night would be the downfall of her innocence. Hindi niya akalaing aabot siya sa ganito. Ang nakakapagtaka lang, wala siyang makapang regret or repulsion kaya.

She was, in fact, looking forward to making love with him.

Malamig ang buga ng air con nang pumasok sila at nayakap niya ang sarili. Nakita ni Ellis iyon at nilapitan kaagad siya.

“Let’s get you out of these wet clothes.”

Parang batang hinayaan lamang niya ito sa gustong gawin. Hinubad nito ang polo na suot niya bago siya inakay papasok sa bathroom.

“Beautiful...” anas nito nang tuluyan na nitong hinubad ang natitira niyang saplot. Hindi niya malaman kung paano tatakpan ang sarili. His eyes

seemed to scorch every bit of exposed flesh, ravishing her without touching her skin. They were windows of his unadulterated lust.

Hindi pa man nito hinahawakan ang kanyang kabuuan, pakiramdam niya, she would reach the peak that very moment.

Tinimpla nito ang tubig sa shower at nang itinapat siya nito roon ay umagos ang maligamgam na tubig sa kanyang katawan. Caitlin turned away from him at tiningala ang bumabagsak na tubig. Hindi niya nakita nang maghubad ito. Naramdaman na lamang niya ito sa likuran niya nang hawakan siya nito sa baywang. Bigla siyang napaharap sa lalaki.

Ellis' mouth claimed hers and they kissed, habang dumadaloy ang tubig sa kanilang mga katawan. He touched every intimate spot. His hand kneaded her breast as the other skimmed her back, downward still until he reached her butt. Hinapit siya nito, almost crushing her to him. Her pelvis reflexively ground against his groin. She could feel his hardness pressing at her inner thigh.

His mouth went down her delicate neck. Sandali itong tumigil malapit sa pulse point, his tongue drawing circles on her skin. Impit siyang napadaing nang maramdaman niya ang mababaw nitong kagat

sa kanyang leeg followed by a sucking motion.

Lalo pang bumaba ang ulo ng kayakap hanggang sa marating nito ang kanyang dibdib. With one hand raising her breast for his mouth and the other steadying her by the hip, it was sheer torture!

“E-Ellis...” daing niya.

“Turn around,” mahinang utos nito.

Nakamamanghang nagawa pang kumilos ng mga binti niya. She suddenly felt so helpless, so weak!

Naitukod niya ang dalawang palad sa tiled wall upang mapanatili ang balanse. But Ellis grabbed her hands and wrapped them around his nape. It made her so vulnerable to his touch.

He played with her breasts again while raining sensuous kisses along her neck, her shoulder and her upper arm. All the while, hindi niya mapigilan ang malalakas na ungol na kumawala sa kanya. Her body writhed uncontrollably. Parang may ninanais itong maramdaman mula sa binata.

And he was quick to give her body what it needed. A hand dropped down in between her thighs. Narinig niya ang banayad nitong pagtawa when he found her wet and ready.

Her hips bucked when she felt a finger on her nub.

“D-don’t... p-please...”

“It’s okay. I won’t hurt you,” assurance nito sa kanya.

Ever so slowly, he continued his exploration, stretching her muscles with a finger.

Noon lamang niya naramdaman ang ganoong klase ng intrusion sa kanyang katawan. And it felt deliciously good!

“Oh my... I...” Hindi niya malaman kung paano ilalarawan ang eksaktong nararamdaman. Animo may matinding puwersa na nabubuo sa kanyang puso at nagnanais kumawala. Ngunit hindi niya malaman kung paano iibsan ang ganoong pakiramdam.

“Ellis!”

His hand continued to thrust in and out of her, touching her sensitive inner walls. She wanted to wail, to scream! The pleasure was too mind-blowing.

“Let it go, Baby...” sabi nito.

His lips captured hers and as his finger thrust rhythmically inside her, his tongue lunged inside her

mouth. Malakas ang naging pagsinghap niya. At kung hindi lang kaagad nito pinakawalan ang kanyang bibig, baka pinangapusan na siya ng hininga.

Yakap siya ni Ellis habang lumilipas ang kanyang first ever sexual climax. They were both breathing heavily at pakiramdam ni Caitlin ay tuluyan nang nawalan ng lakas ang kanyang mga tuhod.

Pinangko siya nito at inilabas sa bathroom. She clung to him like a helpless child and leaned on his chest dreamily.

Ibinaba siya nito sa kama. Hindi pa man lumalapat ang likod niya sa malambot na mattress ay magkaugpong nang muli ang kanilang mga labi. She could not help but yearn for his kisses. Parang isang masarap na pagkain lang na paulit-ulit niyang gustong tikman.

He was an efficient and experienced lover. Hindi siya sigurado kung kaya niyang tapatan ang bawat kilos nito. How could she ever match his passion kung instinct lang ang gamit niya?

Nakaramdam siya ng pag-aalinlangan.

“E-Ellis...”

Sandaling huminto ang binata at tumitig sa

The Charming Thief - Doreen Laroya

kanya. When she saw his eyes, all her reservations, all the fear and doubt vanished into thin air. She couldn't deny him this night. She wouldn't!

At hindi dahil nagpapanggap siya at iyon ang inaasahan sa kanya. She would give herself to him dahil iyon ang ibinubulong ng kanyang puso.

Nagsimula lang ang lahat dahil sa isang misyon. May kukunin siya sa lalaki. Hindi pa rin niya nakakalimutan iyon. Ngunit may iiwan din siya rito... her innocence and a big part of her heart.

“D-don't stop...” aniya.

He smiled seductively. A hand teased her most intimate spot again at nailiyad niya ang katawan kasabay ng isang ungol.

“I don't intend to.”

The night was wild and passionate. Ellis took time pleasuring her, taking her. It was probably the longest minutes of her life and she wanted to linger in the moment forever. Kung posible lang sana.

Pinaghiwalay nito ang kanyang mga hita at ang tangi niyang nagawa ay ang pumikit at maghintay. She expected that he'd take her roughly. Isa nga siyang high-class call girl sa paningin nito and no

The Charming Thief - Doreen Laroya

longer a virgin. Walang dahilan para mag-alangan ito.

She braced herself for the painful union.

He entered her slowly. Animo siya isang babasagin at mamahaling kristal na iniingatan nitong mabasag.

Binigyan nito ng sapat na oras ang kanyang katawan para makapag-adjust and to get used to his size. And when he finally pushed through her barrier, hindi na gaanong nag-register ang sakit, kahit ang discomfort.

All she could ever think of, all she was conscious of, was how amazing it felt having him in her, touching her very core.